

1. Ang Pagtatatag ng Multilingual Support Center for Disasters ng Lungsod ng Tochigi.

Ang pamahalaang lungsod sa pakikipagtulungan ng Tochigi International Community ay nagtalaga ng Multilingual Support Center para sa mga residenteng dayuhan upang magbigay tulong sa mga ito sakaling magkaroon ng sakuna.

Ang Multilingual Support Center for Disasters ay matatagpuan sa Kyokutou Tochigi Kuranomachi Gakushukan na kung saan ay magsisilbing headquarter na magbibigay ng mga impormasyon na may kaugnayan sa sakuna na isasalin sa ibat ibang wika ng mga boluntaryong interpreters ng Tochigi International Community. Bilang karagdagan, sa tulong ng mga kawani na namamahala sa evacuation centers, mga departamento ng pamahalaan at mga kaugnay na organisasyon ay magbibigay ng dito ng konsultasyon. Ang Multilingual Support Center for Disasters ng Kyokutou Tochigi Kuranomachi Gakushukan ay isa sa mga prayoridad na evacuation center ng lungsod kaya pinapayuhan ang mga dayuhan residente na dito lumikas kung sakaling magkaroon ng mga di inaasahang mga kalamidad o sakuna. Bukas ang evacuation center na ito sa sinumang kailangan lumikas, saan man sila nakatira. Maliban sa mga pangunahing pangangailangan tulad ng tubig, pagkain at iba pang pang araw-araw na mahalaga sa ating pamumuhay ay magkakaroon sa lugar na ito na pansamantala, dito ay ligtas at komportableng lumikas upang makapagpahinga. Dito rin ay may suplay ng kuryente at makakakuha ng impormasyon mula sa lungsod.

Sa ating pamumuhay dito sa Tochigi City ay nararapat na alamin ang lugar at kung paano puntahan ang Kyokutou Tochigi Kuranomachi Gakushukan.

2. Tungkol sa Omicron ang Variant ng COVID19.

Mabilis kumakalat sa kasalukuyan ang pagkakahawa sa COVID19 sanhi ng variant na Omicron.

Ang sintomas ng taong may impeksyon ng Omicron strain ay katulad ng isang sipon. Kabilang na rito ang pagkakaroon ng lagnat na 37.5 degrees centigrade o mataas

pa, ubo, pananakit ng lalamunan, baradong ilong at kabuuang pananamlay ng katawan. Mayroon din mga asymptomatic.

Kung sa inyong palagay ay nagkaroon na ng mga nabanggit na sintomas at inaakalang nahawa na ng COVID19 ay kailangan kumunsulta na agad sa pinupunpintahang doctor o sa pinakamalapit na pagamutan. Kung nais na kumunsulta sa pamamagitan ng wika maliban sa wikang Nihonggo ay maaring tumawag sa COVID19 Hotline para sa mga dayuhan sa numero 0286-78-8282. Tumatanggap sila ng tawag 24 oras.

3. Ang Pangatlong Dose ng Bakuna para sa COVID19.

Ang pagitan ng pagpapabakuna ng pangalawa sa pangatlong dosis ng COVID19 vaccine na ayon sa tuntunin na dapat sana na 8 buwan ay ginawa ng 7 buwan.

Ang vaccination coupons o ticket ay sisimulan ng ipadala sa mga may edad 65 taong gulang pataas. At para sa mga edad 64 taong gulang pababa ay padadalhan sila ng vaccination coupons pagsapit ng ika-walong buwan ng pangalawang pagpapabakuna.

Ang pangatlong dose ay maaring Pfizer o Moderna ng Takeda kaya hindi alintana ang uri ng naigawad na bakuna sa una at pangalawa nito.

Ang dose ng Pfizer ay pareho lamang ang dami sa una at pangalawang dosis nito samantalang ang Moderna naman ay kalahati lamang.

Ang mararamdamang side-effect ng pangatlong pagpapabakuna ay maaring ganon din sa una at pangalawa nito ngunit naiulat na mas kaunti lamang ang nahawaan

o nagkasakit ng malubha pagkatapos magkaroon ng “booster”o ng pangatlong dose ng COVID19 vaccination ikumpara sa mga sa mga hindi nagkaroon.

Naiulat din na ang mga taong nakatanggap ng Pfizer sa kanilang una at pangalawang vaccination ngunit Moderna naman sa kanilang pangatlo ay nagkaroon ng mataas

na level ng anti-bodies, ligtas at katanggap-tanggap na epekto laban sa COVID19 virus.

Sa Tochigi City ang Moderna vaccine muna ang igagawad para sa mga unang mababakunahan sanhi ng ang Moderna ng Takeda ang sisimulang ipamahagi ng pambansang

pamahalaan. Ang bakuna ng Pfizer ayon sa iskedyul ng supply mula sa pamahalaan ay inaasahang sa kalagitnaan ng Pebrero na ito ipamamahagi.

Dapat malaman na ang mga nakatanggap ng una at pangalawang vaccination sa ibang munisipalidad o ibang bansa na lumipat ng tirahan dito sa lungsod ng Tochigi ay

Kailangan munang mag-apply upang makatanggap ng ikatlong vaccination coupon mula sa pamahalaang lungsod. Ang application para dito ay maaaring

gawin sa mga

satellite branches ng cityhall sa Ohira, Fujioka, Tsuga, Nishikata at Iwafune. Para sa mga katanungan tungkol dito ay tumawag lamang sa Tochigi City COVID19 Vaccination Call Center sa numero 0282-21-2416.